REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
DEPARTMENT OF TRANSPORTATION AND COMMUNICATIONS

MARITIME INDUSTRY AUTHORITY

PRESS RELEASE 2015-011
February 27, 2015

Contact: Atty. Jabeth A. Dacanay
Deputy Executive Director, STCWO
Chief of Staff, Office of the Administrator
MARITIME INDUSTRY AUTHORITY (MARINA)
Tel. No. 523.9078
Email: oadm13@gmail.com

MARINA NAGBABALA SA SHIP INSPECTORS, MAY-ARI NG SHIPYARDS

Nagbabala ang Maritime Industry Authority (MARINA) sa ilalim ng pamunuan ni Administrator Maximo Q. Mejia, Jr. (PhD) sa mga MARINA safety inspectors na nakatalaga sa mga barko at shipyards sa bansa na higit pang pagibayuhin ang pagsasagawa ng kanilang tungkulin upang maging maayos at ligtas ang mga barkong nagbibiyahe sa ibat-ibang bahagi ng bansa, at mga barkong ginagagawa o kinukumpuni sa mga naturang shipyards.

May kaukulang parusa sa mga lumalabag sa kautusan at pamantayan, o umaabuso o nagmamalasa kanilang tungkulin. Kaugnay nito, pinaalalahanan din ng ahensiya ang mga may-ari at operator ng shipyards hinggil sa kanilang tungkulin sa pagbibigsay ng kaukulang proteksyon sa kaljusugan ng kanilang mga kawani, o trabahador, ganoon din ang angkop na pagpapasahod. Kabilang ditto ang mga technical worker at supervisor, naval architect, marine engineer, skilled workers tulad ng welders, fitters, at iba pa.

Sa Ship Building, Ship Repair (SBSR) seminar-workshop roadmapping na idinaos noong nakaraang Peb. 5 hangang 7 sa Sarrosa International Hotel and Residential Suites sa Cebu City, sinabi nina MARINA Shipyards Regulations Service (SRS) chief, Director Ramon C. Henandez at MARINA Region 7 Director Nanette V. Dinopol na may 113 domestic shipyards na kasalukuyang nag-ooperate sa Visayas, Mindanao at Luzon, kabilang na ang Meto Manila.

Anila, pito dito ay nasa ‘large’ shipyards category, 12 ang ‘medium’, at 94 ang ‘small’.

Napagkaisahan din mga may-ari, operator at manager ng domestic shipyards na dumalo at nakibahagi sa naturang SBSR seminar-workshop, ang pagbuo ng pambansang samahan ng mga domestic shipyards sa bansa, na tatawaging ‘Chamber of Philippine Shipyards’.

MARINA, MARITIME PHILIPPINES, we move the world

The Maritime Industry Authority is an attached agency of the Department of Transportation and Communications tasked to accelerate the integrated development of the maritime industry in the country. It has been implementing reforms and programs to transform the country's domestic shipping industry to global competitiveness and the MARINA into a premiere maritime administration in Southeast Asia. For more information, visit marina.gov.ph.